Ano ang isang ahensiya ng koleksiyon?

Ang isang ahensiya ng koleksiyon ay may espesyalidad na mangolekta ng mga nahuhuling bayad. Ang mga ahensiyang ito ay maaaring makasira ng iyong kredito at makakuha ng order sa korte upang:

- Kukuha ng bayad diretso mula sa iyong sahod na tseke.
- Magbigay ng pataw sa iyong bahay, na kapag ipinagbili mo ang iyong bahay, ang ahensiya ay kukuha ng bayad mula sa iyong pinagbilhan ng bahay.

California Public Utilities Commission

Telecommunications Education and Assistance in Multiple-Languages (TEAM) Program

www.cpuc.ca.gov/team-and-changes

cabteamandchanges@cpuc.ca.gov

If you are not able to resolve your dispute with your service provider, call the Consumer Affairs Branch (800) 649-7570

Mga Ahensiya ng Koleksiyon – Ano ang dapat gawin

KOMISYON NG CALIFORNIA SA MGA GAMIT PAMPUBLIKO

Maaaring ipadala ng mga kumpanya ng telepono ang mga kuwentang hin-di bayad sa mga ahensiya ng koleksiyon

Karaniwan, puputulin ng mga kumpanya ng telepono ang ilan o lahat ng iyong mga serbisyo bilang di-pagbayad bago nila ipadala ang iyong kuwenta sa ahensiya ng koleksiyon, maliban na lang kung inirereklamo mo ang iyong kuwenta. Ang mga kumpanya ng telepono sa California ay di maaaring ipadala ang iyong kuwenta sa isang ahensiya ng koleksiyon habang kanilang sinusuri ang iyong reklamo.

Bayaran ang iyong kuwenta bawat buwan upang maiwasan ang mga ahensiya ng koleksiyon o ang iyong pinal na kuwenta pagkatanggap mo nito.

Mga Ahensiya ng Koleksiyon – Ano ang dapat

Sa loob ng limang (5) araw na makausap mo ang ahensiya ng koleksiyon tungkol sa hindi bayad na kuwenta, kailangang sabihin sa iyo ng ahensiya:

- Magkano ang iyong pananagutan
- Sino ang iyong babayaran
- Paano mo irereklamo ang kuwenta
- Ang pangalan, lugar at telepono ng ahensiya ng koleksiyon
- Petsa ng ipadala ang abiso sa iyo

Ano ang dapat kong gawin pagkata-pos kong makatanggap ng sulat mula sa ahensiya ng koleksiyon?

1. Bayaran ang iyong kuwenta diretso sa ahensiya ng koleksiyon. Maaari kang maki-usap na gumawa ng plano kung hindi mo mababayaran ang buong kuwenta sa isang bayaran. Huwag kang tatawag o magbabayad sa kumpanya ng telepono.
2. Ireklamo ang kuwenta diretso sa ahensiya ng koleksiyon kung hindi ka payag sa mga kargo. Kapag nalaman ng ahensiya ng koleksiyon na inirereklamo mo ang mga kargo, kailangan nilang imbestigahan ang iyong reklamo. Hindi sila maaaring mangolekta ng utang hanggang hindi tapos ang imbestigasyon.
3. Tanggihan ang pagbayad ng utang. Kung iyong tinanggihan ang pagbayad ng utang at gusto mong huwag kang tawagan ng ahensiya, magpadala ng sulat na nagsasabing huwag ka nilang tatawagan. Pagkatapos nilang matanggap ang iyong sulat, tatawagan ka nila ng isang beses upang sabihin sa iyo ang kanilang aksiyong gagawin laban sa iyo.

Tandaang isulat ang inyong pinagusapan ng ahensiya ng koleksiyon, gumawa ng mga kopya ng anumang sulat na iyong ipinadala sa ahensiya at kapag bayad na ang iyong kuwenta, sabihin sa ahensiya na padalan ka ng kumpirmasyon (maaari mo itong gamitin upang linisin ang iyong antas ng kredito).